8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 7

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 4: Linggo 7**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KUWARTER, IKAPITONG LINGGO, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Napahahalagahan ang pagiging mapanagutang mamamayan ng daigdig.<br>1. *Naipapaliwanag ang konsepto ng globalisasyon.*<br>2. *Natutukoy ang mga uri ng globalisasyon.*<br>3. *Nakagagawa ng posisyon paper tungkol sa positibo at negatibong epekto ng globalisasyon.* |
| **D. Nilalaman** | D. Globalisasyon at Pagkamamamayan ng Daigdig<br>1. Katuturan at Uri ng Globalisasyon<br>a. Political globalization<br>b. Economic globalization<br>c. Cultural globalization |
| **E. Integrasyon** | Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala (Power, Authority, and Governance)<br>(Produksyon, Distribusyon, at Pagkonsumo) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Globalization. (n.d.). https://education.nationalgeographic.org/resource/globalization/. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1.Maikling Balik-aral**<br>**FACTS ON CLIMATE CHANGE:** Pumili ng isang implikasyon ng Climate change sa hinaharap at ipaliwanag ito sa sariling pangungusap. Maaaring magbigay ng mga konkretong halimbawa upang masuportahan ang paliwanag.<br>Sea levels are rising at their fastest rate in 2,000 years.<br>Global flooding could triple by 20230.<br>Rainforest destruction is a major Contributor to carbon dioxide emissions.<br>The ocean is 26% more acidic than before the Industrial revolution. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**PICTURE ANALYSIS:** Suriin ang larawan at humanda sa mga tanong ng guro.<br><br>https://www.flickr.com/photos/27845211@N02/2616906744 | .<br>MGA SAGOT<br>1.Ekonomiya<br>2.Politika<br>3.Komunikasyon<br>4.Kultura<br>5.Paglalakbay |

| | | |
|---|---|---|
| | Pamprosesong Tanong:<br>1.Base sa larawan, alin sa mga ito ang iyong kilala ?<br>2.Magbigay ng kanilang gamit at saan sila madalas na makita.<br>3.Saan bansa ito nagmula? Makikita ba ito sa Pilipinas?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**GUESS THE WORD:** Ibigay ang salitang inilalarawan sa bawat pahayag.<br><br>1. Ito ay isang sistematikong pag-aaral ng paglikha, distribusyon, at paggamit ng mga yaman o resources ng isang bansa, lugar, o indibidwal.<br><br>2. Ito ay ang proseso ng paggawa ng desisyon at pagpapatupad ng mga polisiya, regulasyon, at batas sa isang lipunan, bansa, o organisasyon.<br><br>3. Ito ay proseso ng pagpapalitan ng impormasyon, ideya, at damdamin sa pamamagitan ng mga simbolo o salita.<br><br>4. Ito ay isang komprehensibong sistema ng mga kaugalian, paniniwala, pagsasalin ng kaisipan, arte, lipunan, at iba't ibang aspeto ng buhay ng isang pangkat ng mga tao.<br><br>5. Ang paglalakbay ay pagkilos ng isang tao mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Katuturan at uri ng Globalisasyon**<br>Globalisasyon ang tawag sa malaya at malawakang pakikipag-ugnayan ng mga bansa sa daigdig sa mga gawaing pampolitika, pang-ekonomiya, panlipunan, panteknolohiya at pangkultural.<br><br>**GLOBALISASYON AT POLITIKA**<br>Nang magsimulang lumaganap ang globalisasyon,sinasabing hindi na eksklusibo ang pamamahala sa isang bansa. Ang pangangalaga sa kaligtasan at kapakanan ng mga mamamayan at pagtatanggol sa mga karapatang pantao, teritoryo at kalikasang sakop nito ay hindi na lamangeksklusibong pananagutan ng isang bansa bagkus ito ay pananagutan ng isang mas malawak na institusyon. Ang ganitong kalagayan ay | |

dala ng pagkakatatag ng mga pandaigdigang organisasyon dulot ng lumawak na interaksyon ng mga bansa tulad ng United Nations, European Union, Asia-Pacific Economic Cooperation, World Bank at World Trade Organization.

**GLOBALISASYON AT EKONOMIYA**

Nagkaroon ng mas malalim na ugnayan, pinagsama-sama at pagtutulungan ang mga bansa sa daigdig. Masasabing ang malaking pagbabago sa komunikasyon,transportasyon at teknolohiya ang nagbigay-daan sa ugnayang ito. Nagkaroon ng mga malalaking pagawaan ang malalaking kompanyang multinasyonal sa iba't ibang bansa dahil dito nakita natin ang malayang pagdaloy ng salapi, teknolohiya at hilaw na sangkap sa iba't ibang bansa, kasama rin ng makabagong mga ideya o kaisipan. Ang mga batas pang-ekonomiya at mga kilusang panlipunan ay nabuo rin sa pandaigdigang antas.

**PANANAW NG MGA EKSPERTO SA GLOBALISASYON**



Ayon naman kay IMMANUEL WALLERSTEIN, ang globalisasyon ay kumakatawan sa tagumpay ng kapitalismo sa mundo. Ito raw ang pagkakahati-hati ng mga trabaho sa mundo.

Link ng larawan:

*Immanuel Wollerstein.* (n.d.). https://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/no/

Ayon kay ANTHONY GIDDENS, isang sosyolohista, ang globalisasyon ay hindi lamang penomenong pang-ekonomiya kundi isang panlipunang ugnayan ng mga pamayanan sa iba pang pamayamanan sa daigdig.



*Anthony Giddens.* (n.d.). https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Anthony_Giddens_at_the_Progressive_Governance_Converence,_Budapest,_Hungary,_2004_October.jpg

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


Ang globalisasyon ay taal na nakaugat sa bawat isa. Ayon Kay Nayan Chanda (2007) , manipestasyon ito ng paghahangad ng tao sa maalwan, o maayos na pamumuhay na nagtulak sa kaniyang makipagkalakalan, magpakalat ng pananampalataya, mandigma't manakop at maging adbenturero o manlalakbay.



Isang mahabang siklo (cycle) ng pagbabago. Ayon kay Jan Aart Scholte (2005) maraming globalisasyon na ang dumaan sa mga nakalipas na panahon at ang kasalukuyang Globalisasyon ay makabago at higit na mataas na anyo na maaaring magtapos sa hinaharap.



Naniniwalang may anim na wave o epoch o panahon na siyang bingyang diin ni Goran Therborne (2005).Para sa kanya may tiyak na simula ang globalisasyon.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

**BIGYAN NG KAHULUGAN:** Kung ikaw ay isang eksperto anong kahulugan ng globalisasyon ang iyong ibibigay?
</td>
<td>
Link ng larawan:<br>
*Nayan Chanda*. (n.d.). https://www.ihrb.org/uploads/profile-pictures/_resized/Nayan-Chanda_medium.jpg.<br><br>
*Jan Aart Scholte*. (n.d.). https://socialtrendsinstitute.org/upload/experts/all/scholte_jan_aart_original.jpg.<br><br>
*Goran Therborn*. (n.d.). https://commons.wikimedia.org/wiki/File:G%C3%B6ran_Therborn_2015_%28cropped%29.jpg
</td>
</tr>
</table>

**IKALAWANG ARAW**



2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**MAG-INTERVIEW:** Mag-interview ng tatlong kawani ng inyong barangay tungkol sa globalisasyon. Maging gabay ang mga sumusunod na tanong. Ibabahagi sa klase ang naging resulta ng ginawang *interview.*

Gabay na tanong para sa interview
1.Para sa inyo ano ang globalisasyon?
2.Paano po ito nakakaapekto sa ating barangay?
3.Ano po ang mga maaaring maging hakbang ng barangay para maka-agapay sa globalisasyon.

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**PAGPUPUNO NG TSART:** Magsaliksik ng mga kompanya na makikita sa Pilipinas at sa ibang bansa. Punan ang tsart ng mga hinihinging datos. Tatawag ang guro ng magbabahagi ng kaniyang sagot.

| KOMUNIKASYON | RESTAURANT | KOMPANYA NG GAMOT | DAMIT | SAPATOS |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Kaugnay na Paksa 2: KALAGAYAN NG MGA BANSA SA GLOBALISASYON**

**PAG-UULAT**: Ibibigay ng guro ang paksa sa mga piling mag-aaral at ito ay kanilang tatalakayin sa loob ng klase. Magbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawa sa mga paksang kanilang tinalakay.

Ang kalagayan ng mga bansa sa globalisasyon ay magkakaiba, depende sa aspekto nito.
*Komunikasyon – Dahilan sa makabagong teknolohiya naging mabilis ang komunikasyon ng tao sa isa't isa. Ang mga impormasyon ay madali ng lumaganap dahil sa *internet.*
*Paglalakbay – Naging madali ang paglalakbay ng mga tao sa iba't ibang bahagi ng mundo. Taon-taon , milyon-milyong mga tao ang naglalakbay patungo sa iba't ibang bansa upang mag-aral, maghanapbuhay, magbakasyon at mamasyal. Dumarami din ang OFW dahil sa paghahangad na makapaghanapbuhay at kumita ng mas mataas na sahod.

| | | |
|---|---|---|
| | *Popular na Kultura – Ang estilo ng pananamit,musika, palabas at mga babasahin ay nagkakahalo halo na rin dala ng globalisasyon. Kasama na dito ang mga negosyong nagtitinda ng mga damit sa iba't ibang bahagi ng mundo tulad ng mga *online shopping* ito ay isang pagpapalaganap ng *popular culture.*<br>*Ekonomiya – Naging madali ang pagluluwas at pag-aangkat ng mga produkto at mas dumami ang mga *free trade agreements.* Nagkaroon ng kompetisyon sa merkado at nakapapamili ang mga mamimili ng mura at dekalidad na mga produkto.<br>*Politika – Nagkaroon ng ma kasunduang diplomatiko ang mga bansa. Nagtutulungan upang mapuksa ang iba't ibang krimen at humaharap sa iba't ibang suliranin tulad ng pag-aangkin ng mga ibang bansa sa teritoryo ng kalapit na bansa na nararapat lamang pag-usapan at bigyan ng solusyon.<br><br>**PARAAN NG PAG-ANGKOP NG BANSA SA GLOBALISASYON**<br>*Pagtutulungan ng pampubliko at pribadong sektor<br>*Pagpapatupad ng privatization ng mga korporasyong nasa pangangasiwa ng pamahalaan.<br>*Pagsusulong ng deliberalisasyon at deregulasyon sa ekonomiya upang makaakit ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa.<br>*Paglalaan ng malaking bahagi ng badgyet para sa serbisyong panlipunan.<br>*pagpapatupad ng mga proyekto para sap ag-unlad ng agrikultura, turismo at industriya.<br>*Pagpapabuti ng relasyon at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa.<br><br>Globalization. (n.d.). https://education.nationalgeographic.org/resource/globalization/.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**LIGHTS, CAMERA, ACTION!** Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Gagawa ng isang maiksing skit tungkol sa kalagayan ng bansa sa globalisasyon. Magkakaroon ng palabunutan kung sino ang unang pangkat na magtatanghal sa klase.<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **DIGITAL POSTER:** Ang klase ay magkakaroon ng *triad* at gagawa ng *digital poster*. Maaaaring kumuha ng stock photo sa internet at lagyan ito ng kaukulang sanggunian kung saan ito kinuha.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**ALAM KO NA:** Upang mataya ang iyong nalalaman mula sa mga aralin, sagutin ang mga sumusunod na tanong.<br><br>1.Ano ang globalisasyon?<br>2.Pumili ng isang aspekto ng globalisasyon at ipaliwanag ito. | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**PANGATWIRANAN MO:** Bigyan ng paliwanag ang isyu na nasa ibaba.<br><br>"Ang mga Pilipino ba ay *globally competitive?*<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**POSITION PAPER:** Gumawa ng isang position paper na naglalaman ng iyong opinion,saloobin o pananaw tungkol sa<br><br>"Epekto ng globalisasyon sa sarili, pamilya at sa bansa." Lagyan ito ng mga konkretong halimbawa. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | 1. **Pagsusulit:** Isulat sa patlang ang inilalarawan sa bawat pahayag. Isulat ang saagot sa patlang bago ang bilang.<br><br>_______________1. Ang tawag sa malaya at malawakang pakikipag-ugnayan ng mga bansa sa daigdig sa mga gawaing pampolitika, pang-ekonomiya, panlipunan, panteknolohiya at pangkultural. | MGA SAGOT<br>1.Globalisasyon<br>2.Anthony Giddens<br>3. Immanuel Wallerstein<br>4. Goran Therborne<br>5. Jan Aart Scholte<br>6.Komunikasyon |

| | | |
|---|---|---|
| | _______________2. Ayon sa kanya na isang sosyolohista, ang globalisasyon ay hindi lamang penomenong pang-ekonomiya kundi isang panlipunang ugnayan ng mga pamayanan sa iba pang pamayamanan sa daigdig.<br><br>_______________3. Ayon sa kanya ang globalisasyon ay kumakatawan sa tagumpay ng kapitalismo sa mundo. Ito raw ang pagkakahati-hati ng mga trabaho sa mundo.<br><br>_______________4. Ayon sa kanya ang globalisasyon ay may anim na wave o epoch o panahon at may tiyak na simula .<br><br>_______________5. Ayon sa kanya maraming globalisasyon na ang dumaan sa mga nakalipas na panahon at ang kasalukuyang globalisasyon ay makabago at higit na mataas na anyo na maaaring magtapos sa hinaharap.<br><br>_______________6. Ang mga impormasyon ay madali ng lumaganap dahil sa internet.<br><br>_______________7. Ang estilo ng pananamit,musika, palabas at mga babasahin ay nagkakahalo halo na rin dala ng globalisasyon.<br><br>_______________8.Naging madali ang pagluluwas at pag-aangkat ng mga produkto at mas dumami ang mga *free trade agreements.*<br><br>_______________9.Nagkaroon ng ma kasunduang diplomatiko ang mga bansa.<br><br>_______________10.Naging madali ang pagtungo ng mga tao sa iba't ibang bahagi ng mundo.<br><br>II. Ipaliwanag sa sariling pangungusap. | 7.Popular na kultura<br>8. Ekonomiya<br>9.Politika<br>10.Paglalakbay |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">Naapektuhan ba ng globalisasyon ang mga lugar na malayo sa lungsod? Paano? (10 puntos)<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>Iplaiwanag ang mga sumusunod.<br><br>1.Global citizenship.<br><br>2. Cultural citizenship<br><br>Sanggunian: Global Citizenship. (2016). In N. Dower & J. Williams (Eds.), Routledge eBooks. https://doi.org/10.4324/9781315023595</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |